# Ibayong Paramihin ang mga Platun ng BHB!
# Magpakahusay sa Pangangalaga sa Pwersa!

Ang walang habas na pasistang terorimo ng reaksyunaryong rehimeng US-Arroyo at ang hindi na matiis na pambubusabos ng mga mapagsamantalang naghaharing uring dayuhan at lokal ay nagtutulak sa malawak na masa ng sambayanan na mag-alsa at lumaban. Lalo pang umiinam ang mga obhetibong kundisyon upang pukawin at pakilusin ang mamamayan sa armadong rebolusyon. Sunggaban ang pambihirang pagkakataong ito para mapangahas na palakihin ang BHB at palawakin at paigtingin ang pakikidigmang gerilya. Krusyal ang mas mabilis na paglawak ng hukbong bayan at pagbubuo ng mas marami pang platung gerilya para mabuo ang laking-kompanyang mga larangang gerilya sa mas maraming distrito, palitan ang mga nalalagas sa kadre at tauhan, at pag-ibayuhin ang kakayahang paigtingin ang pakikidigmang gerilya sa buong kapuluan.

Kailangang bigyan ng pinakamalapit na partikular na pansin sa lahat ng antas ang pagrerekrut, pagsasanay, pangangalaga at pagpapaunlad sa mga kawal at upisyal ng BHB. Bukod sa napakainam na kundisyon at mahigpit na pangangailangan, malaki ang mga pagkukulang at kahinaang dapat pangibabawan sa gawaing ito. Matingkad ang empirisismo, pagsalig sa ispontanyong pagkukusa ng masa at mga yunit sa nakabababang mga antas, at kawalan ng pagbabalak at karampatang istruktura at sistema. Ang resulta ay ang padaskul-daskol na paraan ng pagrerekrut at pangangalaga sa pwersa, malaking bilang ng nalalaglag, mabagal na paglaki ng pwersa, at kung gayon, mabuway na pagsulong sa marami-raming bahagi. Hindi pwedeng makaigpaw ang digmang bayan sa mas mataas na antas kung hindi pangingibabawan ang mga pagkukulang sa pagrerekrut, pagsasanay at pangangalaga sa pwersa.

## Planado at sistematikong pagrerekrut

1. Saligang patakaran natin ang mapangahas na pagpaparami ng mga platun ng BHB habang matamang nagmamatyag na di makapasok ang mga elementong di-kanais-nais. Sa nakaraang mga kasagsagan ng pagpapalawak, kinakaya ng mauunlad na rehiyon ang humigit-kumulang 300 bagong rekrut o katumbas ng isang batalyon sa isang taon. May mauunlad na probinsyang nakapagtala naman ng 100 bagong rekrut sa loob ng isang taon. Nasa higit na mainam na kalagayan ngayon ang BHB na makapagrekrut sa katulad na tantos o higit pa.

2. Isang kagyat na tungkulin ang sistematikong pagpoproseso ng mga nagboboluntaryong sumapi sa BHB mula sa hanay ng mga lider at aktibista ng mga organisasyong masa sa kanayunan at kalunsuran at mga kagawad ng mga lokal na organisasyon ng Partido at mga yunit ng milisyang bayan na tinatarget at tinutugis ng pasistang militar. Sa pagpoproseso, kailangan ang rekomendasyon ng kinauukulang mga yunit ng Partido o organisasyong masang kanilang kinabibilangan at ang katugong pagpapasya at pagtanggap sa kanila ng mga karampatang komite ng Partido sa teritoryo at hukbo. Dapat tiyakin ang kahandaan ng mga nagboboluntaryo, gayundin ang pagtugon nila sa mga pamantayan sa edad at mahusay na pangangatawan at pag-iisip. Dapat isaayos ang suporta sa mga pamilyang

nangangailangan sa tulong ng mga rebolusyonaryong organisasyon sa mga baryo at ayon sa kakayahan ng organisasyon ng Partido at BHB.

3. Tiyaking may papalit sa mga pinuno ng mga lokal na organisasyon ng Partido, milisya at mga organisasyong masa na sumasanib sa BHB upang patuloy na gumana at sumulong ang mga organisasyon at pakikibaka sa mga baryo.

4. Buuin ang tiyak na programa ng pagrerekrut para sa mga platun ng BHB sa antas ng mga sangay ng Partido sa mga baryo, milisya at mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Kabilang dito ang target na bilang na mapasampa sa BHB, mga prospek at mga hakbang upang marekrut at maihanda sila sa pagsapi sa BHB. Mainam na karanasan sa mauunlad na baryo ang aktibong paglahok ng sangay ng Partido at organisasyong masa sa pagsubaybay at paghahanda sa mga prospek at nagboboluntaryong maging kasapi ng BHB. Sila ang unang nagtitiyak na nasusunod ang mga pamantayan sa pagrerekrut – hustong gulang, mahusay na pangangatawan at pag-iisip at kahandaang sumapi sa BHB; pagtatasa sa rekord sa pagkilos sa baryo at pagberipika sa bakgrawn ng pagkatao at pamilya.

   Sa pamamagitan ng mulat na pagpoprograma sa antas ng baryo, natitiyak ang tuluy-tuloy na pagpapalawak ng hukbo, kalidad ng mga narerekrut at mulat na paghahanda—sa abot ng makakaya at ipinahihintulot ng kalagayan–sa mga nirerekrut, kanilang pamilya at maaapektuhang mga organisasyon sa baryo. Naiiwasan ang mga problema sa mga rekrut na wala sa pamantayan at malamang na hindi makatagal o maging dagdag lamang na pabigat sa halip na makatulong sa hukbo. Namamaksimisa ang mulat na partisipasyon ng baseng masa sa pagpapalawak ng hukbo at pagtulong sa pamilya ng mga kasapi ng hukbo.

5. Buuin ang tiyak na programa sa pagrerekrut sa antas ng larangang gerilya, probinsya at rehiyon. Ang mga pangkalahatang panawagan sa pagpapalawak ng hukbong bayan at pakikidigmang gerilya ay kailangang may kalakip na malinaw na programa sa pagrerekrut para matupad. Dapat pamunuan at pangunahan ng mga namumunong komite ng Partido at kumand ng hukbo sa mga larangan, probinsya at rehiyon ang pagrerekrut at pagpapalawak ng hukbo sa pamamagitan ng regular na taktikal na pagpuprograma, tuluy-tuloy na pagsubaybay at panapanahong pagsisiyasat, maagap na pagtukoy at paglutas sa mga bara, problema at pagkukulang, pagtatalaga ng mga depinidong kadre at yunit na susubaybay dito, at paghahanay sa pagrerekrut bilang isa sa mga pangunahing paksa sa mga pagtatasa at pagpaplano.

   Sa programa dapat itakda ang kongkretong target alinsunod sa sumusunod na mga kunsiderasyon:

   - Kongkretong target base sa aktwal na pangangailangan: pagpuno sa laglag ng pwersa at dagdag pang kailangan para sa pagpapalawak at pagpapalakas ng hukbo at mga larangang gerilya.

   - Laki ng baseng masa ayon sa latag ng mga sangay ng Partido, yunit ng milisyang bayan at mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa mga baryo.

i. Tiyakin at kongkretong itakda ang tamang balanse ng lokal na pangangailangan at pagpapalaki ng hukbo. Ang pagrerekrut sa hukbo ang isang pangunahing layunin at kongkretong sukatan ng pagpapatatag ng baseng masa at kilusang masa sa mga baryo at lokalidad. Kaalinsabay, tiyakin ang pagpapalaki ng hukbo nang hindi pinatutuyo ang balon, nang hindi pinahihina ni pinaaatras ang mga organisasyon at pakikibakang masa sa mga baryo at lokalidad, at sa halip, tinitiyak ang patuloy na pagsulong ng mga ito. Bakahin kapwa ang lokalismo at pananaw na lantay militar.

ii. Bagamat natural na mas maraming marerekrut sa pinakamauunlad na baryo at larangan, tiyaking hindi paulit-ulit na nabubugbog ng paghugot ng pwersa ang iilang baryo o larangan, habang hindi naman umaambag o di kaya'y nagiging palaasa sa panlabas na tulong ang ibang bahagi o larangan. Sa mahusay na pagpaplano ng pagrerekrut, natitiyak na namamaksimisa ang ambag ng pinakamalawak na bahagi at ang bawat bahagi ay nabibigyan ng sapat na panahong makabawi sa paghugot ng pwersa bago obligahing muling magbigay.

- Kakayahang saluhin at sanayin ang mga nirerekrut. Masasayang lamang ang pagrerekrut kung walang sapat na kakayahang saluhin, sanayin at pangalagaan ang mga nirerekrut. Balansehin at ikoordina ang pagrerekrut at ang laki at disposisyon ng mga kadreng hahawak ng mga yunit na binubuo, gayundin ang plano sa pagsasanay sa mga nirerekrut. Magpalawak base sa konsolidasyon at ayon sa kakayahang patatagin at paunlarin ang mga rekrut.

- Maglunsad ng mga kampanya sa pagrerekrut at tiyakin ang patuloy na masiglang pampulitikang edukasyon at propaganda para sa pagsapi sa hukbo. Pinakamasigla ang pagrerekrut sa hukbo kapag masiglang sumusulong ang mga kilusan at pakikibakang masa at ang pakikidigmang gerilya. Gayunman, kailangan ang tuluy-tuloy na partikular na gawaing edukasyon at propaganda para malinaw sa masa, laluna sa kabataan, ang kahalagahan ng pagsapi sa hukbo at pagpapalaki at pagpapalakas sa hukbo. Kinakailangan din ang panapanahong kampanya na may takdang panahon, saklaw at target ng pagrerekrut, para hindi manatili sa antas ng pangkalahatang panawagan at propaganda lamang ang usapin ng pagrerekrut sa hukbo.

- Obligasyon ng mga namumunong komite ng Partido at kumand ng hukbo sa lahat ng antas na tuluy-tuloy na magbigay ng matamang pansin sa lahat ng isyu at pangyayari na may tuwiran at di tuwirang epekto sa kasiglahan ng masa sa pagsapi at pagsuporta sa hukbo. Kailangang maagap at wastong ipaunawa ang mga ito sa masa para mapanatiling mataas ang kanilang kasigasigang sumapi at sumuporta sa hukbo.

6. Magrekrut ng malaking bilang ng intelektwal mula sa kalunsuran laluna sa hanay ng mga kabataang estudyante at manggagawa. Mas palawakin at palakasin ang kampanya at panawagan sa mga rebolusyonaryong pwersa sa kalunsuran na magtungo sa kanayunan at sumanib sa Bagong Hukbong Bayan. Sa kanayunan bigyan ng partikular na pansin ang pag-oorganisa sa mga kolehiyo at mataas na paaralang nasa loob at

paligid ng mga sonang gerilya. Kailangan ang malaking bilang ng mga intelektwal para palakasin ang bag-as ng mga kadre at pamunuan ng Partido at kumand ng BHB.

7. Itayo ang mga kwerpo sa depensa sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa kalunsuran at ang iba't ibang tipo ng organisasyong nakatuon sa pagpapalakas ng suporta ng kilusan sa kalunsuran sa armadong pakikibaka. Kabilang dito ang lambat ng suporta para sa mga partisanong lunsod, paniktik, lohistika, medikal, at iba pa para sa BHB.

**Pangangalaga sa Pwersa**

8. Sa rebolusyonaryong pakikibaka natural na nasasala ang pwersa ng BHB. Natural na may mga nalalaglag dahil hindi makayanan ang mga sakripisyo at kahirapan, hindi mapangibabawan ang mga kaisipan at gawing burges at pyudal, nahahatak ng mga problemang personal at pampamilya, at iba pang problema. May pagkabawas din bunga ng mga kaswalidad sa labanan, sakit o pagtanda. Kaya may katanggap-tanggap na porsyento ng pagkabawas ng pwersa sa panapanahon. Gayunman, kahit maliit ang kaswalidad sa labanan at patuloy ang pagrerekrut, may mga rehiyong mabagal ang paglaki ng hukbo o di kaya'y lumiliit pa dahil sa labis na dami ng mandirigma at upisyal na bumababa. Sa mga ito at sa kabuuan, mahigpit na tungkuling paunlarin ang pangangalaga sa pwersa at determinadong lutasin ang mga problema at pagkukulang dito.

9. Pagpoproseso sa mga bagong rekrut. Ipatupad ang sistema ng pakikipanayam ng mga responsableng komite ng Partido at kumand ng BHB sa mga bagong rekrut. Sa panayam, tuwirang kinukumpirma sa bagong rekrut ang mga datos sa kanyang talambuhay at rekord sa pulitika, inuusisa ang kanyang mga layunin at kahandaan sa pagsapi sa BHB, at inaalam ang iba pang datos sa kanyang kakayahan, katangian at mga sirkunstansyang personal na maaaring maging makabuluhan sa kanyang pagkilos at pag-unlad. Dapat mulat na gamitin ng mga kinauukulang namumunong komite ang pakikipanayam hindi lamang para maingat na salain ang mga nirerekrut, kundi para magkaroon din ng sapat na panimulang kaalamang mapagbabatayan sa pagtatalaga sa gawain, paggabay at pagpapaunlad sa bagong rekrut.

   Bawat bagong rekrut ay dapat bigyan ng maikling oryentasyon (1 hanggang 2 araw) sa BHB. Lalamnin ng oryentasyon ang mga sumusunod:

   - Mga saligang katangian at tungkulin ng BHB;
   - Pagkakaiba nito sa reaksyunaryong armadong hukbo;
   - Mga pangkalahatang tuntunin at patakaran ng BHB;
   - 3 Puntong Dapat Sundin at 8 Puntong Dapat Tandaan;
   - Partikular na gawain sa yunit na kabibilangan;
   - Lektura sa mga pinakasaligang kasanayang militar.

Magtakda ng sistema ng pag-alalay sa mga baguhan. Responsibilidad ng kumand ng yunit na kinabibilangan ng bagong rekrut na magtalaga ng isa o higit pang datihang mandirigma na tutulong sa bagong rekrut upang makaakma at makagamay sa araw-araw na pamumuhay at gawain ng yunit. Bakahin ang sektarismo sa mga baguhan sa pangkahalatan at sa mga baguhan mula sa syudad. Tulungan sila sa mga pisikal at emosyunal na kahirapan (paglalakad, pangungulila sa pamilya, tiwala sa sarili, atbp) at pagharap sa mga gawain, kagipitan at sitwasyong militar.

Responsibilidad ng yunit ng hukbo at kumand nito na tiyakin ang pinakamabilis at pinakamabisang pag-akma sa buhay-hukbo, pagbwelo sa mga gawain, at paglikha sa abot ng makakaya ng paborableng kalagayan para sa tuluy-tuloy na pag-unlad ng mga bagong rekrut. Responsibilidad din nilang maagap na alamin at lutasin ang mga problema sa pag-akma ng mga bagong rekrut. Hindi dapat sumalig lamang sa determinasyon at pagkukusa ng bagong rekrut.

10. Masigla at napapanahong gawaing pang-ideolohiya sa loob ng yunit. Mahalaga ang masigla at napapanahong gawaing pang-ideolohiya sa loob ng yunit upang maitaas ang pag-unawa at pagsapol sa mga rebolusyonaryong prinsipyo at layunin. Sa pangkalahatan ay natutugunan ito ng mga pormal na pag-aaral sa mga regular na kursong pampulitika at pang-ideolohiya na inihanda ng Partido at BHB.

    Ang mga pormal na pag-aaral ay dapat tambalan ng pang-araw-araw o napapanahong gawaing pang-ideolohiya sa yunit. Mahalaga ang napapanahon o pang-araw-araw na gawaing pang-ideolohiya upang matiyak na laging buo ang pagkakaisa at pagkilos ng yunit, maagap na nasasagot ang mga katanungan o kalituhan sa hanay ng pwersa, at napapanatag ang loob ng bawat isa sa sitwasyon at mga gawain anuman ang kahirapang hinaharap.

    Kabilang dito ang matiyagang pagpapaliwanag sa kahalagahan ng iba't ibang tipo ng gawain ng yunit mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaki - mula sa gawain sa kusina, pagtulong sa masa, paggugwardya, disiplina sa kilos gerilya, mga gipit at mahirap na sitwasyon; ang maagap na pagtatasa at paglilinaw sa mga suliraning lumilitaw sa yunit (pag-awol, paglabag sa disiplina, mga tunggalian sa pagitan ng mga indibidwal, mga kasong pinagmumulan ng pagkakahati-hati ng pagtingin at iba pa); ang maagap na pagtatasa sa mga gawain ng yunit; ang maagap na pagresolba sa pamamagitan ng punahan ng anumang lumilitaw na usapin at suliranin sa pagitan ng pamunuan at mga mandirigma, sa hanay ng pamunuan na nakakaapekto sa mga mandirigma, at sa hanay ng mga mandirigma.

11. Masigla at napapanahong mga talakayang pampulitika. Kinakailangan ang masigla at napapanahong mga talakayang pampulitika upang maitaas ang kamulatang pampulitika ng yunit, masubaybayan ang kongkretong mga isyu sa pulitika, ekonomya, militar at lipunan upang mapalamnan ang gawaing propaganda at edukasyon sa hanay ng masa, at maiugnay sa kabuuang kalagayan ng bansa ang pagpapatupad sa iba't ibang gawain ng yunit.

    Mainam na praktis ang regular na pulong-balitaan kapag nakatipon ang yunit sa gabi o iba pang panahong itatakda ng kumand. Kung hindi matitipon, mainam na i-iskedyul ang mga pulong balitaan sa mga grupo o mga tim ng iskwad. Gamiting materyales sa

mga pulong balitaan o talakayang pampulitika ang mga balita at artikulo sa *Ang Bayan* at iba pang iligal na lathalain, gayundin ang mga ligal na progresibong pahayagan at magasin, mga praymer sa mga isyu, mga pahayag ng Partido at NDFP, mga rebolusyonaryong rekord sa video at audio, at iba pa. Responsibilidad ng mga namumunong komite ng Partido at kumand ng hukbo na tiyaking maagap at tuluy-tuloy na naipapamahagi ang ganitong mga materyales sa mga yunit ng hukbo.

Hasain ang bawat mandirigma sa pagtalakay sa iba't ibang isyu. Sanayin at engganyuhin ang mga kasapi ng BHB para manguna sa kampanya sa edukasyong pampulitika na ipinapanawagan ng PAKED-Pangkalahatang Kalihiman (Tingnan ang kopya ng memo ng Marso 2006).

12. Pagtiyak sa bag-as ng pamumuno. Kailangang may sapat na bag-as ng kadre ang bawat yunit ng BHB. Mahalaga ito laluna sa mga yunit na nakahiwalay sa sentro ng pamunuan at nakatalaga sa mga lugar na mas mahirap o mas kumplikado ang kalagayan.

    Kailangan ang sapat na bag-as ng pamunuan na may sapat na kaalaman at kasanayan sa kanilang partikular na mga tungkulin, may kakayahang mabilis na magsuri sa kalagayan, umangkop, lumutas ng mga problema, at marunong maglagom ng mga karanasan at humalaw ng mga leksyon mula sa mga positibo at negatibong karanasan. Kung walang maitatalagang sapat na bag-as ng pamunuan mas mabuting isanib ang yunit sa pinakamalapit na yunit na may sapat na bag-as ng pamunuan.

    Magtakda ng malinaw na mga pamantayan sa pagpili ng bag-as ng pamunuan. Kailangang maging sensitibo at mapagtimbang sa kalagayan at kakayahang mamuno ng itinatalagang bag-as ng pamunuan ng yunit upang maiwasan ang mga sitwasyong ang pamunuan mismo ang pinagmumulan ng mga problema (karaniwang mga kaso ang kahinaan sa disiplina o pagpapasimuno sa paglabag sa disiplina, personal na pakikipagtunggali sa mga mandirigma o kakolektibo sa pamunuan, kalituhan sa mga gawain, pagpapabaya sa pagkokonsolida ng yunit, sektarismo, komandismo, paghahanap ng ginhawa at sarap at iba pa). Kung magkakaganito ay kaagad na magiging problemado ang takbo ng yunit, maaaring mabilis na kumalat ang disgusto at demoralisasyon laluna sa hanay ng mga baguhan, at hindi kataka-takang humantong ito sa mga panlalamig at pagbaba.

    Tungkulin ng bag-as ng pamunuan na mahusay na organisahin ang yunit - pagkokombina ng mga datihan at baguhan, tamang distribusyon ng mga may kakayahan sa militar at gawaing edukasyon at propaganda, may-edad na at kabataan at iba't ibang uring pinagmulan para makabuo ng isang yunit na may mahusay na team work at kumpyansa sa pagtupad sa mga gawain; malinaw na magtakda ng mga gawain at hatian ng mga gawain hanggang sa antas ng mga team at indibidwal; sumubaybay sa pagpapatupad ng gawain at kalagayan ng pwersa; at maagap na lumutas ng mga problema.

    Paganahin ang sistema ng mga kapulungan sa iba't ibang linya ng gawain sa loob ng yunit bilang katuwang ng kumand (giyang pampulitika, paniktik, lohistika, medikal) sa pagpapatupad ng mga gawain at pagsubaybay sa pwersa. (Tingnan ang dokumentong Mga Pangkalahatang Regulasyon sa Platun).

Ang bag-as ng pamunuan, anuman ang partikular na tungkulin sa loob ng yunit ay kailangang maging sensitibo sa mga problema at kalagayan ng pwersa. Dapat maagap na nalalaman ng pamunuan ang kalagayang pangkalusugan ng mga indibidwal na kasapi ng yunit, mga problemang personal, mga pangangailangan, mga katanungan at kalituhan upang maagap na matugunan ang mga ito.

13. Pagbaka sa mga pyudal at burges na ugnayan ng upisyal at mandirigma. Ang mga pyudal at burges na gawi laluna sa ugnayan ng upisyal at mandirigma ay kalawang na mabilis umuk-ok at magpahina sa pagkakaisa at disiplina sa loob ng yunit. Kailangang mahigpit na matyagan at maagap na tukuyin at iwasto ang mga manipestasyon nito sa araw-araw na takbo ng yunit. Kabilang sa mga ito ang mga sumusunod:

    - Komandismo na nakikita sa pag-aatas ng mga gawain ng mga nasa kumand ng walang karampatang paliwanag o kulang ng pagsisiyasat sa kalagayan ng pwersa; gayundin sa mga namumunong atas lamang ng atas subalit hindi lumalahok sa mga araw-araw na gawain ng yunit.

    - Sektaristang tendensya sa pakikitungo sa mga kasamang nagkakamali tulad ng pagpapahiya ng kasama sa karamihan, paninisi o pagsesermon, pagtalakay sa iba ng puna sa kasama nang hindi pa siya nakakausap, at iba pang pamamaraang magaspang at padalus-dalos.

    - Pag-angat ng katayuan ng mga nasa kumand sa karaniwang mandirigma sa mga materyal na bagay tulad ng sigarilyo, pagkain, mga kagamitan at iba pa.

    - Di-pantay na pakikitungo sa mga mandirigma o paboritismo sa hatian ng gawain, rekurso, dalaw at iba pa.

    - Pagiging balat-sibuyas, pagturing na personal at pagganti sa pagpuna ng mga mandirigma.

    Dapat puspusang ipatupad ang demokrasya sa tatlong larangan sa loob ng yunit – ang demokrasya sa ekonomya, pulitika at militar.

**Pagsasanay militar at kahandaang militar**

14. Paunlarin ang kasanayan at kumpyansa ng yunit sa kilos gerilya at iba't ibang gawaing militar. Mahalagang mga gawain kaugnay nito ang pagdaraos ng mga pagsasanay militar, pagsasagawa ng drills, pagpapagana ng istrukturang militar, pagbubuo ng plano sa depensa, programa para sa mga kakayaning taktikal na opensiba at regular na pagpapatupad ng tatlong tsek-ap (uring pinagmulan, pagpapatupad sa mga gawain at kapasyahang lumaban).

Maghanda ng mga kasong pinag-aralan kaugnay ng mga taktikal na opensiba at mga depensibang labanan upang matuto sa kongkretong karanasan ang mga yunit ng BHB.

Matutong makidigma sa pamamagitan ng aktwal na pakikidigma. At dapat gawin ito sa sistematiko, siyentipiko at tuluy-tuloy na paraan.

KTKS
Setyembre 30, 2006